## IKA-6 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON – TAON A

Sir 15,15–20; 1 Cor 2,6–10; Mt 5,17–37

### PANIMULA

Ang salitang *"kalayaan"* ay marahil hindi agad pumapasok sa isip natin kapag iniisip natin ang mga kautusan. Kadalasan, pakiramdam natin na ang mga alituntunin, batas, at pagbabawal ay pumipigil at naglilimita sa atin. Gayunman, ang Ebanghelyo ngayon ay naglalaman ng maraming utos habang ipinagpapatuloy ni Hesus ang Kanyang Sermon sa Bundok.

Ngunit sa pinaka sentro ng lahat ng ito ay ang isang higit na dakilang kabulusan: hindi isang matatakutin at mahigpit na pagsunod sa mga alituntunin, kundi—gaya ng sinabi minsan ni San Agustin—ang paggawa ng higit pa kaysa sa mahigpit na hinihingi ng Diyos dahil sa pag-ibig. Ang paggawa ng tunay na nakabubuti—nakakatulong sa akin, at nakakatulong sa mga taong nakakasalamuha ko araw-araw.

### HOMILIYA – *"Ang Batas na Umaakay sa atin Patungo sa Buhay"*

#### Panimulang Kuwento – Ang Bata at ang mga Alituntunin

Maraming taon na ang nakalilipas, meron akong isang kaibigan na nagkuwento tungkol sa kanyang kabataan.
Sabi niya, "Noong bata pa ako, may alituntunin ang nanay ko para sa lahat ng bagay: Bawal hawakan ang kalan. Bawal tumakbo sa kalsada. Bawal asarin ang nakababatang kapatid na babae.

Isang araw tinanong ko siya, 'Inay, bakit napakarami mong alituntunin para sa akin? Sa ibang mga bata wala naman!'
Lumuhod siya, tumingin nang diretso sa aking mga mata, at sinabi:
'Dahil mahal kita nang sobra para hayaan kitang masaktan.'

At pagkalipas lamang ng maraming taon nang maunawaan niya: ang mga alituntunin ay hindi tungkol sa pagsupil—kundi sa pag-aalaga, dignidad, at pag-ibig.

Iyan mismo ang nais iparating sa atin ng Ebanghelyo ngayon.

#### 1. Kapag ang Relihiyon ay Parang Nagmumukhang Mababaw na Pagsunod sa mga Alituntunin

Magpaka-totoo tayo: nagkakaroon minsan ang Simbahan ng reputasyon ng pagiging mapangaral. Para bang ang pananampalataya ay nagiging isang mahabang listahan ng "Huwag mong gawin ito" at "Huwag mong gawin iyan." Idagdag pa natin ang Ebanghelyo

ngayon—“Ang inyong kabulusan ay dapat higit pa sa kabulusan ng mga eskriba at mga Pariseo”—at maaari itong nakakasakal sa atin.

Ngunit hindi pinupuna ni Hesus ang mga tiwaling tao.
Ikinukumpara Niya ang Kanyang mga alagad sa mga taong eksperto na sa pagsunod sa kautusan hanggang sa pinakamaliit na detalye. At dito naroon ang panganib: kapag ang pagsunod sa mga alituntunin ay itinulak sa sukdulan, ang mga tao ay nagiging balisa, metikoloso, o mapagmalinis.

**Ano nga ba ang nais ni Hesus na mas higit pa sa kanilang matinding pagsisikap?**

**Hindi ang mas marami pang alituntunin, kundi ang pagkakaroon ng mas malalim na pagmamahal.**

## 2. Ang Katotohanan Tungkol sa mga Kautosan

Kailangan nating huminto muna at mag-isip:
**Bakit nga ba nagbibigay ang Diyos ng mga kautosan?**

Mula sa Lumang Tipan hanggang kay Hesus, may dalawang layunin ang mga ito:
**Una, pinoprotektahan ng mga kautosan ang buhay na magkakasama.**
Pinipigilan nito ang kaguluhan, kawalang-katarungan, at kapinsalaan.

**Ikalawa, inilalantad ng mga ito ang Diyos.**
Ipinapakita ng mga ito ang Kanyang puso:
isang Diyos na pinahahalagahan ang bawat tao,
isang Diyos na nag-iingat sa kanilang dignidad,
isang Diyos na nagmamahal nang buong tapang.

Ang paalala ng isang ina na “Huwag mong hawakan ang kalan” ay hindi tungkol sa kapangyarihan—ito ay tungkol sa pag-ibig.
Ganyan din ang kahulugan ng mga utos ng Diyos.
Kapag isinapuso natin ang mga ito, magsisimula tayong makakita gamit ang mga mata ng Diyos.

## 3. Pinatatalas ni Jesus ang mga Kautusan—Hindi Upang Tayo ay Pahirapan, Kundi Upang Tayo ay Palayain

Kapag sinabi ni Hesus, “Narinig ninyo ..., ngunit sinasabi ko sa inyo...,” hindi Niya pinapalitan ang kautusan bagamat dinadala Niya tayo **sa pinaka-puso nito.**

Ang problema sa mga Pariseo nuon ay hindi ang kanilang pagsunod, kundi ang kanilang panlabas lamang na pagsunod. Madalas nilang tinutupad ang bawat letra ng batas habang binabalewala naman nila ang kanilang kapwa tao.

Kaya’t mas pinalalalim ni Jesus ang mga kautusan:

- Hindi lamang "Huwag kang papatay," kundi "Huwag kang manakit gamit ang iyong mga salita."
- Hindi lamang "Iwasan ang pangangalunya," kundi "Ingatan ang puso kung saan nagsisimula ang pagtataksil."
- Hindi lamang "Magsabi ng totoo sa ilalim ng panunumpa," kundi "Hayaan mong ang iyong Oo ay laging maging Oo."

Hindi Siya nagtatayo ng pader ng takot—nagbubukas Siya ng landas ng kalayaan.

**Anekdota – Ang Baguhan at ang Abad**

Isinalaysay minsan ng retiradong abad ng Abadya ng Melk ang mga naging karanasan niya bilang isang baguhan.
Nagreklamo siya sa kanyang gabay espirituwal tungkol sa mga kinaiinisan niyang mga kaugalian sa monasteryo.
Simple lang ang sagot ng gabay: **"Kung gayon, gawin mo ito sa ibang paraan."**

Ibig lamang sabihin nito ay:
Huwag mong isabuhay ang pananampalataya ayon sa pinakamababang pamantayan.
Datapwat Isabuhay mo ito mula sa isang pusong binago.

Ito mismo ang mensahe ni Hesus: huwag mong itanong, "Hanggang saan ako puwedeng umabot nang hindi nagkakasala?"
Sa halip, ang itanong mo ay: "Hanggang saan aabot ang pag-ibig?"

Dito namamayani ang mga kautosan.

**4. Ang Ebanghelyo Bilang Pagsusuri sa Integridad ng Istruktura ng Ating Buhay**

May kaibigan akong nakatira sa isang bahay na ang pinakamatandang bahagi nito ay mula pa noong ika-labin limang siglo. Kamakailan, sumailalim ito sa isang masusing pagsusuri ng estruktura. Binuksan ang mga sahig, inilantad ang mga balangkas, sinukat ang bawat bitak. Nakakapagod ang gawaing ito—ngunit kinakailangang gawin. Ang isang bahay ay kailangang maging matatag.

Ang Ebanghelyo ngayon ay parang isang pagsusuri sa integridad ng istruktura ng ating pagiging alagad.
Tinatanong ni Hesus: "Ano ang nagtataguyod sa iyong buhay?"

Alam ng bawat isa sa atin ang mga sandaling nayayanig ang ating sariling estruktura:

- sa nasirang relasyon
- sa karamdaman ng ating miyembro ng pamilya
- sa kawalan ng trabaho

- sa pagkaramdam natin ng pagka-bigo
- sa kawalang-katiyakan sa ating bokasyon
- isang pasaning tila napakabigat

Sa mga sandaling ito, ang mga kautosan ay hindi nilayon upang pahirapan at durugin tayo kundi upang itaguyod tayo—tulad ng mga balangkas ng isang lumang bahay. Inaalalayan tayo ng mga ito; hindi para ikulong.

### 5. Nilalayon ni Hesus na Dumagsa ang Kanyang Biyaya sa Ating Buhay —Upang Lahat Tayo ay Magkapantay-pantay

Huwag tayong magkakamali: ang mga salita ni Hesus ngayon ay sobrang nakakaapekto. Kahit ang mga Pariseo ay hindi ito kayang tuparin nang ganap.

Ngunit narito ang lihim:
Nagsasalita si Hesus sa ganitong makabagong paraan upang ilagay tayo sa iisang antas.
Walang sinuman sa atin ang maaaring magyabang.
Walang sinuman sa atin ang maaaring magsabi, "Sapat na ang nagawa ko."

Lahat tayo ay nangangailangan ng biyaya.
Lahat tayo ay nangangailangan ng Kanyang Espiritu.

**Pinapakita ng batas sa atin ang tunay na daan.**

**Ang pag-ibig ang nagbibigay sa atin ng lakas upang tahakin natin ito.**

At ang layunin nito ay hindi ang manatili sa ating kinaroroonan, kundi magpatuloy tayo sa ating paglalakbay.

**Kuwentong Karanasan – Ang Nakatagong Simula ng Karahasan**

May isang guro na minsang nagkuwento sa akin tungkol sa isang batang lalaki sa kanyang klase na paulit-ulit na iniinsulto ang isa pang bata.
Nang pagsabihan, sinabi nito, "Biro lang naman po iyon!"
Ngunit ang batang iniinsulto ay umuuwi araw-araw na umiiyak.

Sabi ng guro, "Nakikita mo ba? Ang karahasan ay nagsisimula na bago pa magamit ang mga kamao."

Iyan mismo ang sinasabi ni Hesus: ang kasamaan ay matagal nang nagsimula bago pa ito makita.
Ang mga salita ay kayang dumurog sa ating damdamin.
Ang mga tingin ay kayang manakit sa atin.
Ang maliliit na hinanakit natin, kapag pinabayaan, ay nagiging lason sa ating pagkatao.

Kaya't tinatawag tayo ni Hesus na makipagkasundo sa Kanya bago pa man tayo humarap sa altar.

### 6. Si Hesus ay Isang Tapat na Hudyo—At Tinupad Niya ang Kautusan sa Pamamagitan ng Pag-ibig

Minsan, iniisip ng iba si Hesus bilang isang taong binalewala ang Lumang Tipan, o nagturo ng isang "mabait" at kaya-ayang Diyos na walang hinihingi. Ngunit si Hesus ay isang tapat na Hudyo na may malalim na paggalang sa Kautusan ni Moises.

Tinanggihan Niya ang anumang pagtatangkang gawin Siyang isang walang-ngiping simbolo o dahilan upang itapon ang mahihirap na bahagi ng ating pananampalataya.

Pinatalas Niya ang kautusan hindi upang magbantay, kundi upang gisingin ang **personal nating pananagutan:**

- Dapat kong hanapin ang katotohanan—hindi lamang sa ilalim ng panunumpa.
- Dapat kong hangarin ang pakikipagkasundo—hindi lamang kapag maginhawa.
- Dapat kong bantayan ang aking puso—hindi lamang ang aking mga gawa.
- Dapat kong igalang ang iba—hindi lamang iwasan ang pananakit sa kanila.

Hindi ito gaya ng komunidad na binabantayan ako.
Ito si Hesus na nagtitiwala sa aking konsensiya.

Ito ang kalayaan.
Ito ang dignidad.

### 7. Ang mga Utos Bilang Sandigan, Hindi mga Kadena

Ipinapaalala sa atin ng Unang Pagbasa:
Hindi tayo kailanman tinutukso ng Diyos.
Palagi Niya tayong tinatawag upang tayo ay mabuhay.

Kapag isinabuhay sa diwa—hindi lamang sa bawat letra—ang mga utos ay nagiging mga sandigan na tumutulong sa atin upang maging asin ng lupa at ilaw ng sanlibutan.
**Hindi sila kulungan.**
**Sila ay kompas.**

At kapag pinupuno sila ng pag-ibig, nagsisimula tayong mamuhay nang kakaiba:

- Nag-iiba ang ating pakikitungo sa ating kapwa
- Nag-iiba ang ating pakikitungo sa mga nakasakit sa atin
- Nag-iiba ang ating pakikitungo sa mga nangangailangan ng kapatawaran
- Nag-iiba ang ating pakikitungo sa Diyos

O sa mga salita ng gabay na iyun sa isang pagmumuni-muni:
**“Gawin mo ito nang kakaiba.”**

## Pangwakas na Kuwento – Ang Naayos na Pader

May isang tagapagtayo ng gusali na minsang nagtrabaho sa isang bahay na may malalalim na bitak sa isa sa mga pader nito. Sabi ng may-ari, “Pinturahan mo na lang.” Ngunit sumagot ng tagapagtayo, “Kung pipinturahan ko lang siya, magbibitak ulit ang pader. Kailangan kong buksan ang pader, ayusin ang pundasyon nito, at patibayin ang buong estruktura. Saka lamang ito magiging ganap na buo.”

Mga kapatid, tumatanggi si Hesus na “takpan lamang ng pintura” ang ating mga buhay. Mahal Niya tayo nang labis.
Binubuksan Niya ang marurupok, pinagagaling Niya ang mga may sugat, pinatitibay Niya ang mahihina, at pinanunumbalik Niya ang hindi matatag sa sarili.

**Ang Kanyang mga Kautosan ay hindi lamang pintura.**
**Ito ay ang mga pundasyon.**
**Ang Kanyang pag-ibig ang nagbibigay lakas.**
**At ang Kanyang Espiritu ang tagapagtayo.**

Nawa’y pahintulutan natin Siyang ayusin ang ating estruktura, upang ang ating mga sariling buhay ay manatiling matatag—at magningning sa Kanyang liwanag.

**Amen.**

***Translated by William Valdrez, Jr.***